ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

# PAGBUO AT BALIDASYON NG KAGAMITANG PAMPAGKATUTO SA FILIPINO SA KOLEHIYO

**Dr. Jessica Marie I. Dela Peña**
*Tarlac State University - College of Teacher Education*
*https://orcid.org/0000-0002-4556-6513*

**Article DOI:** https://doi.org/10.36713/epra12343
**DOI No: 10.36713/epra12343**

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa pagbuo, balidasyon at antas ng pagtanggap ng teksbuk, ang Kontekstwalisadong Komunikasyon Sa Filipino bilang sanggunian at lunsaran ng karunungan sa kolehiyo sa pagtataguyod sa wikang Filipino at bilang wikang panturo sa sistema ng edukasyon ayon sa nakasaad sa probisyong pangwika ng Saligang Batas ng 1987 sa Artikulo XIV Sec. 6 at 7.*

*Ginamit sa pag-aaral ang disenyong Research and Development at random sampling naman sa mga tagasagot na kalahok. Upang mataya ang kabisaan, dumaan sa masusing pagsisiyasat mula sa mga eksperto upang matiyak ang kaangkupan nito sa bawat mag-aaral na kumukuha ng kursong Kom Fil 1.*

*Ginamit ang ADDIE Model sa proseso ng pag-aaral na siyang nakatugon sa layunin ng pananaliksik. Una, nagkaroon ng pag-aanalisa sa kompitensing nakapaloob sa Fil 1. Sumunod ay ang pagdidisenyo, sa kung paano ang kalalabasang mukha ng teksbuk. Sa pagdedebelop naman ay nilinang ang mga kabanta at ilustrasyon at mga pagsasanay na makatutulong sa paghubog at pag-unawa sa araling Fil 1. Kabilang din dito ang mga likhang akda ng mananaliksik upang makatugon sa kompetensing hinihingi ng/sa syllabus. Ang implementasyon ay ang prosesong pagganap sa paggamit ng teksbuk sa buong semestre ng klase. At ang huli ay ang balidasyon na siyang kinakitaan ng kahusayan at kagalingan sa nabuong teksbuk.*

*Natuklasan mula sa mga datos, ang kahalagahan ng teksbuk sa proseo ng pagkatuto at pagtuturo ng mga guro sa kursong Kom Fil 1. Mula sa nabuong teksbuk ang balidasyong natamo nito sa layunin, nilalaman, organisasyon at pagsasanay ay may interpretasyong "Pinakamataas na Katanggap-Tanggap". Tanging sa presentasyon na may "Mataas na katanggap-tanggap" na interpretasyong berbal. Sapat upang mapatunayan pa rin na ang nabuong teksbuk ay mahusay at nakatutulong bilang kagamitang lunsaran sa pagtuturo't pagkatuto.*

*Natuklasan ding ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral ay nakapagtala ng pinakamataas na katanggap-tanggap at ang nakuhang grado ng mga karamihan ay may napakahusay na interpretasyon.*

*Gayundin, ito ay naimungkahing gamitin sa kursong Kom Fil 1. Dahil din dito, naimungkahing magsagawa ng ganitong mga uri ng pananaliksik na balidasyon sa mga research and development na disenyo upang malubos at matiyak ang kaangkupan at kahusayan ng isang kagamitang makatutulong sa pagtuturo't pagkatuto. Maging ang patuloy na pagtangkilik nito sa iba pang mga guro't unibersidad na may ganitong kurso. Ang paglahok din ng mga seminar sa pagbuo ng ganitong mga kagamitan ay naimungkahi na siya ring sinangayunan ng mga kalahok na nagpapatunay na higit na makikita ang bisa at galing ng isang guro sa pagbuo niya at paglikah ng mga ganitong instraksyunal na kagamitan mula sa mga palihan at seminar na nakatutugon sa mas mataas na lundo ng paggawa at pagdedebelop sa pangunguna ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino.*

**MGA SUSING SALITA –** *teksbuk, KOMFIL (Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino), balidasyon, at antas ng pagtanggap.*

## PANIMULA

Ang guro ay mabisang kasangkapan sa loob ng silid-aralan, ngunit kung ito ay salat sa mga kagamitang panturo at walang pedagohikal na batayan sa kaniyang pagtuturo, walang espasyo ang karunungan at pagkatuto. Ang isa sa layunin ng edukasyon ay mahubog ang kaisipan ng mga mag-aaral at magkaroon ng kaalaman sa mga bagay-bagay at impormasyon sa kasalukuyan, sa hinaharap at sa kinabukasan, upang makamit ang tagumpay sa iba't ibang larangan ng buhay. Malaki ang gampanin ng guro sa kaniyang mga mag-aaral at isa ito sa pinakamahalagang propesyon sa ating lipunan. Kailangang tiyakin ng guro na malinang ang pinakamataas na kasanayan ng bawat mag-aaral mula sa kritikal na pag-iisip hanggang sa mga makrong kasanayan. Mahalaga rin na ang guro ay malikhain sa pagbuo ng mga estratehiya sa pagtuturo upang makuha ang atensyon sa aralin at lubos na maunawaan ng mga mag-aaral.

Ayon sa R.A. No. 7722 o mas kilala bilang "Higher Education Act of 1994" nagkaroon ng

resolusyon bilang R-002-2017 noong ika-16 ng Hunyo taong 2017. Nakasaad sa batas ang pagkakaroon ng Filipino at Panitikan bilang kursong panlahat sa kolehiyo bilang bahagi *ng New General Education Curriculum* sa *CHED Memorandum Order No. 20 Series of 2013*. Mayroong limang (5) bagong asignatura sa Filipino at Panitikan sa kolehiyo: 1) KOMFIL (Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino); 2) FILDIS (Filipino sa Ibat't Ibang Disiplina); at 3) DALUMATFIL (Dalumat ng/sa Filipino); 4) SOSLIT (Sosyedad at Literatura/Panitikang Panlipunan) at 5) SINESOS (SineSosyedad/Pelikulang Panlipunan).

Binigyang pansin sa pag-aaral na ito ang pagbuo at balidasyon ng sangguniang aklat o teksbuk para sa KOMFIL1 na may pamagat na Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filpino. Ang aklat na ito ay naglalayong makatuon sa tamang paggamit ng Fipilino sa iba't ibang larangan ng Kontekstwalisadong Komunikasyon na kinasasangkutan ng isang tao sa kaniyang lipunang ginagalawan.

Ayon kay Lenon (2015), sa isang pahayagan na *The Telegraph*, ang teksbuk ay may malaking epekto sa larangan ng edukasyon. Ngunit sa kabila nito, mas marami pa rin ang gumagamit ng *internet* para maghanap ng impormasyon kaysa sa pagbabasa ng teksbuk.

Batay sa karanasan ng karamihan, mas balido ang mga impormasyon na nakakalap sa teksbuk kaysa sa *internet* dahil may mga *website* sa *internet* na maaaring baguhin o palitan ang mga impormasyon ng sino man. Maaari tayong makakita o makakalap ng mga impormasyon sa *internet* na hindi dumaan sa mga pagsusuri o balidasyon mula sa mga awtoridad at hindi nailathala. Ngunit ang teksbuk ay may kasiguraduhang pagkabalido at konkreto sapagkat ito ay dumaan sa masusing pagsusuri ng mga awtoridad bago ito mailathala.

Ang teksbuk ay kailanman hindi mapapalitan ng *internet*, wala nang mas makahihigit pa sa ibinibigay na kaalaman ng isang teksbuk, naibibigay nitong kagalakan sa pagbabasa at sa paglinang nito sa kakayahan ng isang indibidwal na maka-alam ng panibagong karunungan. Ang isang teksbuk ay maihahalintulad sa isang puno. Ang katawan ng isang puno ay siyang pabalat, ang mga dahon nito ay nagsisilbing impormasyon, at ang bunga nito ay siyang pagsasaparaktika ng mga kaalaman na ating napupulot sa paggamit o pagbasa ng ganitong mga kagamitan.

Ang teksbuk ay mas mapagkakatiwalaan sa nilalaman o impormasyong taglay nito, sapagkat ito ay dumaan sa masusing proseso gaya ng pagpapatibay, pagrerebisa, at ebalwasyon bago ito mailathala. Hindi tulad ng mga impormasyong nanggagaling at mababasa lamang sa *internet*. Maaaring ito ay tama ngunit walang matibay na diin at sanggunian kung ito ay mapagkakatiwalaan. Katulad na lamang ng *Wikipedia* na maaaring baguhin nang sino mang gumagamit ng *internet*. Ito ay walang maituturing na kabisaan sa pag-aaral at pagkatuto ng isang mag-aaral dahil nagbubunga ito ng katamaran at kawalan ng gana o motibasyon sa isang mag-aaral. Nagdudulot rin ito ng mga kalituhan sapagkat hindi pare-pareho ang ibig pakahulugan dahil ang mga impormasyong nilalaman nito ay nanggaling lamang sa mga gumagamit ng *internet* na mahirap matukoy kung ito ba ay may katotohanan. Karagdagan, kaya ito nakapagdudulot ng kalituhan at paiba-iba ng impormasyon at nilalaman ay walang sistema at pamantayan na sinusundan.

Naglalaman ang teksbuk ng di mapantayang karunungan ng isa o maraming tao sa iba't ibang larangan ng buhay. Ito ang nagsisilbing gabay at patnubay ng mga mag-aaral at guro sa pag-aaral, nagtataglay ng mga impormasyon na makatutulong sa pag-aaral at pagtuturo, nakasulat din dito ang mahahalagang simulain sa buhay. Hanggang sa modernong panahon ito ay saligan pa rin sa mga batayan ng mga ebidensya at katibayang nakasalig din sa iba.

Ang teksbuk ay di lamang kinasasangkutan ng mga datos o impormasyon, ito rin ay naglalaman ng iba't ibang pagsasanay na may layuning mapaunlad ang kakayahan, kasanayan, at kaalaman, ng isang mag-aaral. Hindi kataka-takang ang isang taong palabasa ay marunong sa buhay dahil sa maraming impormasyon ang maari niyang makuha at maisabuhay na nagpapabago sa kaniyang pananaw na kadalasang naisasapraktika sa kaniyang buhay. Isa ito sa mga pangunahing layunin ng pag-aaral, ang makalikha ng instruksyunal na kagamitan upang sa pagtuklas at pagkatuto ng bawat mag-aaral ay malubos sa kursong kailangan nilang gampanin.

Ayon kay Pearson (2008), mula sa kaniyang aklat na *Books as History*, mahalaga ang mga sanggunian at sanayang aklat sa isang lipunan bilang instrumento sa pag-unawa ng mga impormasyon at ideya.

Malaki ang naitutulong ng teksbuk sa paglinang ng kaalaman ng isang mambabasa, mula sa mga impormasyon na kaniyang nakakalap. Sa pagbabasa rin, mas lalo pang lumalawak ang ating pang-unawa sa iba't ibang konsepto ng buhay at aralin mula sa pedagohikal na aspeto. Ang teksbuk ay hindi lamang bungkos ng papel na naglalaman ng mga salita, kundi isa itong babasahin na nagbibigay ng malawak at malalim na kaalaman sa isang mambabasa tungo sa pagkatuto at pagtuturo.

Kayamanan kung maituturing ang bawat teksbuk dahil ito ay naglalaman ng mga malalalim na konsepto, ideya, saloobin at karanasan na siyang nagiging batayan ng mga guro kung ano ang kanilang ituturo sa loob ng klase, kung paano ituturo ang bawat aralin, kung ano ang dapat matutunan ng mga mag-aaral matapos matalakay ang mga gawaing nakapaloob sa teksto.

Binigyang kahulugan naman nina Inalvez, et.al (2012), sa kanilang teksbuk na *Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik*, na ang wika ay siyang pinakamahalagang biyayang ipinagkaloob ng Poong Maykapal sa ating lahat. Ito ang instrumento upang maipaabot ang ating nararamdaman kung tayo man ay masaya, malungkot, nagagalit, nagugulat at kung ano pang emosyon at ideya ang nais nating iparating.

Sapagkat sa paggamit ng wika, dito nasasalamin kung ano tayo, sino tayo at kung saan tayo nagmula. Ang wika ay maaaring maging batayan ng ating pagiging isang tao, habang ito ay patuloy na ginagamit at pinapayaman ay nakabubuo rin tayo ng ating sariling pagkakakilanlan. Ang tao ay nilalang na may pinakamataas na antas batay sa anyong pisikal at

intelektwal. Dahil dito tayo rin ay nabibigyan ng kakayahan na makapagpahiwatig ng ating mga saloobin o damdamin at pananaw. Wika ang daan sa pakikipagkomunikasyon, pagkakaisa, pakikisalamuha at paglinang sa kaisipan ng bawat indibidwal.

Isang mahalagang instrumento sa pagkatuto natin sa ating sariling wika at sa epektibong pakikipagkomunikasyon ay ang pagkakaroon ng teksbuk, na siyang pangunahing ginagamit ng mga guro at mag-aaral na sinasang-ayunan naman ni Tran, et.al (2014), sa kaniyang pag-aaral na ang pokus ay pagpapaunlad ng kasanayan sa pakikinig, pagbabasa, pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral. Ang dapat na nilalaman ng teksbuk sa tersyarya ay ang mga impormasyon na dapat matutuhan ng mga mag-aaral sa tulong ng pagbabasa at pag-intindi sa bawat pahayag na mababasa, at ang *skills book* o kasanayang teksbuk ay makatutulong naman sa pagpapaunlad ng kasanayan lalo na sa paggamit ng wika sa pakikipagkomunikasyon.

Kaya naman ang pag-aaral ay nakasalig sa pagbuo at balidasyon ng sanggunian at sanayang aklat na siyang pangunahing batayan sa pagtuturo sa Kolehiyo ng Edukasyon sa Tarlac State University.

Binibigyang diin naman ni Henderson (2015), sa kaniyang pag-aaral na pinamagatang *Importance of Oral Communication Skills* na ang ating kakayahan sa pakikipagkomunikasyon ay kailangan para sa paglinang ng ating kasanayan sa ating pagbasa at pagsulat pati na rin sa ating pag-iisip at pagkatuto. Binanggit din niya ang mga dapat linangin sa pakikipagkomunikasyon, una ay ang kasanayan sa pakikinig, na siyang pangunahing paraan sa pagtanggap ng impormasyon, ideya at damdamin na nais ipabatid sa ating kausap. Pangalawa ay ang kasanayan sa pagsasalita ng mga mag-aaral upang mabisa nilang maihatid ang kanilang ideya at saloobin. Pangatlong kasanayan na dapat linangin ay ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mag-aaral sa kanilang kahinaan at kalakasan sa paggamit sa wika at iba pang salik sa pakikipagkomunikasyon upang maging masining at makabuluhan ang paggamit ng wikang Filipino sa proseso ng pagpapalitan ng ideya o kaalaman.

Batay naman sa pag-aaral ni Rawat (2013), na pinamagatang *Language and Truth: A study of Nietzsche's Theory of Language* napag-alaman niya ang pananaw ni Nietzsche tungkol sa wika ay may impluwensiya sa tinatawag na *"survival instincts"* na kung saan nagagamit ng tao ang kaniyang kaalaman o natutuhan tungkol sa kaniyang wika ay sa pakikipag-usap sa iba, maaaring sa tahanan, pampublikong lugar, paaralan, pamilihan, at simbahan para sa mabisang pagpapahayag. Pinatutunayan lamang niya na ang wika ay lumitaw at napahuhusay sa lipunan dahil na rin sa pangangailangan ng isang indibidwal para mabuhay.

Samakatwid, ang wika ay sentro ng karunungang magtatawid upang malubos ang pagkakaunawaan at pagkakaintindihan ng karunungan saan mang kagamitan ito maipahayag.

Batay naman sa isinagawang pag-aaral nina Castillo, et.al (2018), may titulong *Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturo sa Gramatikang Filipino*, malaki ang gampanin ng mga kagamitang panturo gaya ng sanayang aklat sa pagkatuto ng mga mag–aaral at sa mabisang pagtuturo ng mga guro sa hinaharap. Lubusan nila itong nagagamit at higit na nakatutulong sa kanila upang magsilbing gabay sa kanilang pagtuturo at mas maging magaan ang daloy ng pagtuturo at pagkatuto. Mas napadadali ang trabaho ng mga guro sapagkat may sanggunian nang ginagamit bilang kanilang reperensya na sa kahit ano mang sandali ay maaari na nilang magamit.

Kaya naman mahalaga rin na matukoy ang kabisaaan at pagtanggap ng mga mag-aaral at guro dahil sila ang pangunahing gumagamit ng teksbuk upang mas maging epektibo, kapakipakinabang at upang mapaunlad pa at maipagpatuloy ang paggamit ng teksbuk.

Ang teksbuk para sa kursong KOMFIL ay naglalayon na ituro sa mga mag-aaral ang Kontekstwalisadong Pakikipagkomunikasyon na gaya rin sa mga pag-aaral nina Tran, et al. na ang pokus ay pagpapaunlad sa kasanayan, pakikinig, pagbabasa, pagsasalita at pagsulat ng mga mag-aaral. Binigyang diin ni Henderson na ang ating kakayahan sa pakikipagkomunikasyon ay kailangan sa paglinang ng ating kasanayan sa pagbasa at pagsulat tungo sa pagkatuto na sinang-ayunan ni Rawat sa kaniyang pag-aaral na ang wika ay may impluwensiya sa *survival instincs* kung saan nagagamit ng tao ang kaniyang kaalaman tungkol sa wika, sa tahanan, pampublikong lugar at iba pa. Tulad ng layunin ng teksbuk na KomFil na ituro sa mga mag-aaral ang Kontekstwalisadong Komunikasyon bilang kanilang instrumento sa pagpapahayag ng sarili.

Upang malubos ang kabisaan at pagtanggap, kalimitan sa mga sanayang aklat kinapapalooban ito ng mga pagsasanay bilang pagtataya sa natutuhan ng mga mag-aaral batay sa nilalamang nakapaloob dito. Sa kasalukuyan ang mga teksbuk ay dinesenyo nang interaktibo, kaya't may kakayahan nang matuto ang mga mag-aaral kahit wala ang pamamatnubay ng guro, kahit nasa bahay lamang sila kaya na nilang matuto nang mag-isa dahil may mga tala o mga impormasyon at gawain na maaari ng sagutan sa teksbuk na maaaring makatulong sa pag-unlad at pagpapalawak ng kanilang kakayahan at kasanayan lalo't higit sa pagbasang may pang-unawa sa teksto. Isa na nga rito ay ang Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino 1 para sa kursong KOM FIL 1 na siyang batayang sanggunian at sanayang aklat ng mga nasa unang antas ng edukasyon sa Tarlac State University (TSU) taong panuruan 2018-2019.

Bilang mananaliksik mahalagang malaman ang mga saloobin, reaksyon at mga suhestiyon ng mga gumamit na ng aklat na "Kontekstuwalisadong Komunikasyon sa Filipino 1" kung mayroon ba itong magandang naidulot sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro, at kung nagkaroon ba ng salik sa pagkatuto ang mga mag-aaral maging ang mga guro bilang reperensya sa kanilang pagtuturo. At lalong dapat na malaman kung nakatulong o naging epektibo ba ito sa kanila.

Ang sanayang aklat sa pag-aaral ay masusing binuo batay sa pangangailangang komunikasyong nakasalig sa lipunang ginagalawan ng isang mag-aaral. Sa gayon ay maging malay ito sa mga bagay na maaaring makapaghubog sa kaniyang kakayahan, kasanayan at kagalingan.

## PAGLALAHAD NG LAYUNIN

Ang pag-aaral na ito ay nakapokus sa pagbuo, balidasyon at antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa sanayang aklat na Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino.

Sa kabuuan ang pananaliksik na ito ay nakatugon sa mga sumusunod na suliranin:

1. Makabuo ng isang kagamitan bilang sanayang aklat sa kursong KOMFIL 1 batay sa kurikulum na ipinanukala ng R.A.No. 7722 sa resolusyon bilang R-002-2017, ang Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino.

2. Makapagpabalido sa mga gurong eksperto mula sa nabuong sanayang aklat batay sa:
   - 2.1 Layunin;
   - 2.2 Nilalaman;
   - 2.3 Presentasyon;
   - 2.4 Organisasyon; at
   - 2.5 Pagsasanay.

3. Matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong sanayang aklat sa kursong KOMFIL 1 batay sa:
   - 3.1 Layunin;
   - 3.2 Nilalaman;
   - 3.3 Presentasyon;
   - 3.4 Organisasyon; at
   - 3.5 Pagsasanay.

4. Matukoy ang kahalagahan ng sanayang aklat sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa natamong grado ng mga mag-aaral sa kursong KomFil 1.

5. Matukoy ang mga mungkahing hakbang upang mapagtibay at patuloy na magamit ang teksbuk sa Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino bilang kagamitang panturo sa KomFil 1.

6. Matukoy ang implikasyon ng teksbuk sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino.

## METODOLOHIYA

### Disenyo ng Pananliksik

Ang pag-aaral ay gumamit ng R & D o *Research and Development* na naglalayong makabuo ng isang kapakipakinabang na instraksyunal na kagamitan upang makatulong sa isang pedagohikal at akademikong larang sa Filipino. Ito ay nakasalig sa pamantayang silabus na naimungkahi ng CHED Memo. No. 57, Series of 2017 at mga Silabus Sa Filipino Sa Kolehiyo.

### Pinagmulan ng Datos

Ang pag-aaral ay nilahukan ng sampung eksperto (10) na nagtuturo ng KomFil 1 sa Kolehiyo ng Agham, Sining at Panlipunan at ng Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon ng Tarlac State University. Kasama din ang tatlong (3) paham na sumuri sa *content validity* ng teksbuk.

Kasama sa pag-aaral ang isandaang (100) mag-aaral na mula sa unang antas ng Kolehiyo ng Panggurong Edukasyon na maingat na pinili sa pamamaraang *random sampling* upang maging kalahok para sa pagsuri ng antas ng pagtanggap sa Kontekstwalisadong Komunikasyong Filipino (KOMFIL1). Tinukoy din ang gradong kanilang nakuha upang masukat ang pagkatuto nila sa paggamit ng sanayang aklat.

Ang mga napiling kalahok ay mula sa iba't ibang seksyon ng bawat departamento at medyor na tanging sila lamang ang nabigyan ng KOMFIL 1 na asignatura sa Taong Panuruan 2018-2019 unang semester. Ito ay ang mga pangkat BEED 1-1, BEED 1-2, BSED FIL 1E-1, 1E-2, 1E-3 at 1E-4, FSM 1-1 at 1A 1-1 at SOCSTUD 1B-1 at 1B-2.

### Instrumentong Ginamit sa Pananaliksik

Ang ginamit na instrumento upang matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa teksbuk na KomFil ay isang talatanungang sumuri batay sa layunin, nilalaman, presentasyon, organisasyon, at pagsasanay ng nabuong teksbuk, ang Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino.

Ang talatanungan para sa mga guro ay batay sa layunin at pangangailangan ng pag-aaral. Ito ay dumaan sa proseso ng balidasyon (content validity) ng tatlong gurong eksperto. Pagkatapos ng balidasyon ito ay ipinamahagi na sa mga balideytors na binubuo ng sampung (10) guro na nagturo ng kursong KomFil sa unang semestre ng taong panuruan 2018 - 2019 mula sa Tarlac State University.

Ang mga talatanungang ginamit sa mga mag-aaral ay ibinatay sa panukatang ginamit sa pananaliksik ni Balido (2015) na **Interktibong Modyul sa Pagtuturo ng Filipino**. Ang talatanungan ay minodopika at iniangkop ayon sa pangangailangan at layunin ng kasalukuyang pg-aaral upang magamit sa pagtukoy sa antas ng pagtanggap ng mga guro at mag-aaral sa teksbuk na KomFil. Laman nito ang mga tanong na sinagutan sa pamamagitan ng pagtsek sa kahong naaayon sa opinyon ng mga kalahok. Ginamitan din ito ng Iskalang Likert upang ilarawan ang kabuuang anats ng pagtaggap ng nabuong teksbuk.

### Pamamaraan

Una ay ang **pagbuo**, dumaan sa masusing pag-aanalisa ang pagbuo ng teksbuk. Ibinatay ang mga lektura sa kompitensi ng syllabus ng kurso na siyang naging daan upang mabuo ang sanayang aklat. Ang kalahating semestre taong 2016 ay binubo upang masulusyunan at maagapan ang maaring kakulangang

kagamitan ng mga guro sa kolehiyo lalo na sa pinaglilingkurang unibersidad ng mananaliksik.


Ginamit din ng mananaliksik ang **Modelong ADDIE** na siyang mainam na gabay at pamantayan sa ganitong mga pag-aaral. Mula sa **Analisis**, na siyang naging konsepto kung paano mabubuo nang may kahusayan at batayan ang papel. Gayundin ang kompitensing hinihingi ng kursong FIL 1 ay isinaalang-alang. **Disenyo**, ang pamamaraan kung saan nilikha ang mga konsepto ng disenyo at kulay ng nabuong sanayang aklat. Sa **Debelopment** naman kinakitaan dito kung paano nilinang ang mga paksa sa bawat aralin at mga pagsasanay na siyang susuri sa antas ng pag-unawa at kakayahan ng mga mag-aaral upang matuto. Kabilang din dito ang mga likhang akda ng mananaliksik upang makatugon sa kompetensing hinihingi ng syllabus. Ang **Implementasyon** ay ang paggamit ng mga mag-aaral sa teksbuk at ang huli ay **Balidasyon** na siyang kinakitaan ng kahusayan at kagalingan sa nabuong kagamitang pampagtuturo't pagkatuto.

Ikalawa sa pamamaraang hakbang na sinuyod ng papel ay ang **balidasyon sa mga eksperto.** Matapos mabuo ang teksbuk ito ay pinabalido sa mga paham at eksperto sa ganitong larang sa gayon ay mailathala at mabigyan ng numerong karapatang-ari. Matapos itong mabalido napayuhang magsagawa ang mananaliksik ng *test acceptability survey* upang mataya ang kalidad at kahusayan nito.

Ikatlo ay **pagtukoy sa antas ng pagtanggap**. Tinipon at kinalap ang mga mag-aaral sa kolehiyo ng Panggurong Edukasyon upang matukoy ang kanilang kaantasan sa pagtanggap at paggamit ng nabuong sanayang aklat, ang Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Mula sa isang semestreng paggamit ng nabuong kagamitan, tinukoy at sinuri ang gradong nakuha ng mga mag-aaral upang mataya naman ang kabisaan ng nabuong sanayang aklat.

Sa huli ay ang pagkuha sa sarbey ng maaring **maimungkahi** ng mga guro at mag-aaral upang patuloy na mapakinabanagan at magamit ang nabuong sanayang aklat.

Narito ang daloy ng pag-aaral sa pamamagitan ng konseptwal na balangkas at ito ay ang IPO (Input/Process/Output) na siyang figyur na nasa ibaba.




**Figyur 1: Paradigma ng Pag-aaral**

**Pamamaraang Istatistika**

Ang istatistikang ginamit sa pagsusuri at paglalarawan sa mga datos sa pag-aaral ay ang *weighted mean* na siyang naging batayan upang mabalido, masukat ang antas ng pagtanggap ng mga guro at matukoy ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng sanayang aklat.

Na ang ibig sabihin ay:

*Weighted Mean*:

$$X = \frac{\sum x}{N(x)} \quad \frac{\text{Total na Iskor}}{\text{Blg. ng Aytem}}$$

Where as:

X = para sa arithmetic mean

$\sum x$ = para sa total ng iskor

N = sa kabuuang bilang ng mga balideytors

Ginamit ang Timbangang Likert sa pagkuha ng iskala sa deskripsyong berbal at interpretasyon ng mga datos nito.

| Iskor | Interbal | Interpretasyong Berbal |
|---|---|---|
| **5** | 4.50-5.00 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **4** | 3.50-4.49 | Mataas na katanggap-tanggap |
| **3** | 2.50-3.49 | Katanggap-tanggap |
| **2** | 1.50-2.49 | Di-gaanong katanggap-tanggap |
| **1** | 1.00-1.49 | Di-tanggap |

Ang pinakamataas na katanggap-tanggap ay nangangahulugang *napakahusay* ng isinagawang pagsusuri. Ang mataas na katanggap-tanggap ay nangangahulugang *mas mahusay,* ang katanggap-tanggap ay nangangahulugang *mahusay*¸ang di-gaanong katanggap-tanggap ay nangangahulugang *mahusay-husay* ang ginawang pagsusuri

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

bagama't maari pang iwasto. Ang di-tanggap naman ay nangangahulugang *mahina* ang ginawang pag-aaral at nangangailangan pang pag-aralang muli ang resulta ng ebalwasyon mula sa mga tagasagot ng pag-aaral.

## PAGLALAHAD, PAGSUSURI AT INTERPRETASYON NG MGA DATOS

Sa bahaging ito ng pag-aaral tinukoy ang presentasyon at interpretasyon ng mga datos ang resulta ng balidasyon, antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at ang pagtukoy sa pagkatuto ng mga mag-aaral sa paggamit ng sanayang aklat.

1. **Ang nabuong teksbuk ay ang KONTEKSTWALISADONG KOMUNIKASYON SA FILIPINO.**

Ang teksbuk ay nabuo upang magamit sa bagong panukalang ipinatupad ng CHED, ang R.A. No. 7722 sa resolusyong R-002-2017 sa kabila ng kontrobersiya ng Republic Act 10533 o ang Enhanced Basic Education Act 2013 na kinasasangkutan ng pagtatanggal ng mga kurso sa Filipino sa Kolehiyo.

Bagaman may mga ganitong usapin napahintulutang ipatigil muna ang pagdinig sa CHED Memo No. 20 s. 2013. Nagkaroon ng *temporary restraining order* taong 2015 sa bisa ng pagsulong ng Organisasyong Tangol Wika na binubuo ng mga premyadong manunulat at professor ng mga unibersidad sa kabisera ng Pilipinas ang Maynila.

Dahil sa kaganapang ito nakapaglabas ng mga syllabus na maaaring ituro sa kolehiyo na hindi kakikitaan ng reduplekasyon ng mga araling inilatag at itinuturo sa bagong kurikulum na K to 12. Mayroong limang (5) bagong asignatura sa Filipino at Panitikan na maaring ituro sa kolehiyo: 1) KOMFIL (Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino); 2) FILDIS (Filipino sa Ibat't Ibang Disiplina); at 3) DALUMATFIL (Dalumat ng/sa Filipino); 4) SOSLIT (Sosyedad at Literatura/Panitikang Panlipunan) at 5) SINESOS (SineSosyedad/Pelikulang Panlipunan). Ito ang naging daan upang mabuo ang sanayang aklat at mataya ang kahusayan nito sa mga mag-aaral.

Ang mga paksa ay masikap at matiyagang binuo bilang instraksyunal na kagamitan sa kursong KOMFIL 1. Narito ang pagkakahati ng mga aralin:

ARALIN 1: Varyasyon at Rehistro ng Wika
ARALIN 2: Pagproseso ng Impormasyon
ARALIN 3: Mga Gawaing Pangkomunikasyon ng mga Filipino
ARALIN 4 Mga Napapanahong Isyung Lokal at Nasyonal
4.1: Kalagayan ng Iba't Ibang Serbisyong Panlipunan: Pabahay, Pangkalusugan, Transportasyon at Edukasyon
Iba't ibang Usapin Hinggil sa Urbanisasyon
Usapin sa Malawakang Pagkasira ng Kalikasan at Pagkakaroon ng Kalamidad
4.2: Korapsyon at Kahirapan
Malnutrisyon
Seguridad sa Pagkain
4.3: Mga Katutubong Pangkat
Manggagawang Kontraktwal
Magsasaka
Tindero at Tindera
Kabataang Manggagawa
Usaping Migrasyon sa Filipinas
Kultural, Politikal, Linggwistiko, Ekonomikong Dislokasyon/ Displacement
Bunsod ng Globalisasyon
ARALIN 5: Mga Proyekto ng Pamahalaan Tungo sa Kagalingang Pambayan at Pambansang Kaunlaran
Kagawaran ng Kalusugan
Kagawaran ng Edukasyon
Payapa at Masaganang Pamayanan (PAMANA)
ASEAN Economic Community (AEC) Blueprint 2025
Iba pang Programa ng Pamahalaan
ARALIN 6: Sining at Kultura ng Filipinas sa Panahon ng Globalisasyon
Ang Konsepto ng mga Filipino sa Bayani, Pinuno at Manggagawa
Isyung Pangkultural ng Filipinas
ARALIN 7: Ang Pakikibahagi ng Kabataan sa Usaping Panlipunan
Tugon sa mga Kabataan sa mga Isyu ng Lipunan
Pakikibahagi ng mga Kabataan sa mga Usaping Panlipunan
ARALIN 8: Paglahok ng mga Kabataang Filipino sa Isyung Panlipunan: Dahilan ng Paglahok, Epekto sa Sarili at Lipunan
ARALIN 9: Mga Tiyak na Sitwasyong Pangkomunikasyon Gamit ang Wika
ARALIN 10: Gawaing PananaliksikNarito ang mukha ng nabauong sanayang aklat.

Narito ang larawan ng kabuuang mukha ng nabauong teksbuk.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188




2. Makapagpabalido sa mga gurong eksperto mula sa nabuong sanayang aklat batay sa:

### 2.1 Layunin

**Talahanayan 1. *Mean Score* ng Balidasyon sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Guro na nagturo ng KOMFIL1 sa Tarlac State University batay sa LAYUNIN**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Angkop ang mga layunin sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL) ng kursong KomFil1. | 4.7 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Natatamo ang mga layunin ayon sa talakayan. | 4.4 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Naaayon ang mga layunin sa batayang kurikulum na nakasaad sa syllabus ng CHED. | 4.7 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Nasusukat ang mga gawain at pagsusulit batay sa layunin. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Tiyak ang mga layunin batay sa paksang-aralin. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| **KABUUAN** | **4.6** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |

Batay sa talahanayan makikita na ang layunin ng teksbuk ay natamo ayon sa talakayan, tiyak batay sa paksang-aralin, nasusukat ang mga gawain at pagsusuri. Gayundin ito ay naaayon sa kurikulum na nakasaad sa syllabus ng CHED at sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL) ng kursong KOMFIL 1. Sa kabuuan ang layunin ng teksbuk ay may karampatang tuos na 4.6 na may interpretasyong Pinakamataas ng Katanggap-tanggap. Nangangahulugan lamang na ang teksbuk ay tanggap, epektibo at nakatulong sa pagtuturo ng mga guro. Ang layunin ng teksbuk ay naisakatuparan upang higit na mahikayat ang mga mag-aaral, mapadali at makatulong sa pagtuturo ng mga guro sapagkat ito ay nakakamtan sa isang klase lamang na mahalaga upang matalakay ang lahat ng paksa. Mahalaga rin na maturuan ng mga guro ang mga mag-aaral na matutong mag-isa gamit ang teksbuk at malinang ang kanilang pagkamakabayan sa paggamit ng wikang Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

### 2.2 Nilalaman

**Talahanayan 2. *Mean Score* ng Balidasyon sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Guro na nagturo ng KOMFIL1 sa Tarlac State University batay sa NILALAMAN**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Ang nilalaman ng teksbuk ay tumutugon sa OBTL. | 4.7 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Naipapahayag ng malinaw ang mga araling dapat na maituro ng mga guro batay sa syllabus. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Sapat ang mga nilalaman ng paksang-aralin na kailangan sa kurso. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Kaangkupan sa layuning pampagtuturo-pagkatuto ng paksang-aralin. | 4.3 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Pag-angkop ng paliwanag ng bawat paksa sa antas ng talino ng mga mag-aaral. | 4.7 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| **KABUUAN** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |

Sa talahanayan natukoy na ang nilalaman ng sanayang aklat ay tumutugon sa Outcome-Based Teaching Learning (OBTL), naging sapat ang mga nilalaman ng paksang-aralin na kailangan sa kurso, naipahayag ng malinaw ang mga aralin at naiangkop ang paliwanag sa bawat paksa batay sa antas ng talino ng mga mag-aaral. Sa kabuuan ang nilalaman ay may karampatang tuos na **4.5 na may interpretasyong Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Patunay lamang na sapat ang mga impormasyon, ideya, paliwanag at mga halimbawa ng teksbuk sa pagtuturo ng KOMFIL1. Natugunan ng guro ang pangangailangan ng mga mag-aaral at nalinang ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga ideya, impormasyon at kaalamang ibinahagi ng guro na nagmula sa teksbuk na KomFil1. Naging kapaki-pakinabang sa guro ang paggamit ng teksbuk na KomFil1 bilang gabay at reperensya sa kanilang pagtuturo. Naging madali ito sapagkat sapat ang mga nilalaman ng bawat paksa.

### 2.3 Presentasyon

**Talahanayan 3. *Mean Score* ng Balidasyon sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Guro na nagturo ng KOMFIL1 sa Tarlac State University batay sa PRESENTASYON**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Nakapupukaw ng interes ang mga grapikong ginamit sa bawat aralin. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Maganda at kaakit-akit ang anyo at paraan ng pagkakagawa ng teksbuk. | 3.0 | Katanggap-tanggap |
| Ang mga larawang ginamit ay kaakit-akit at nakapupukaw ng interes at kawilihan. | 4.2 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Nakahihikayat ang presentasyon ng paksa sa atensyon at interes ng mga mag-aaral sa patuloy na pagbabasa. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Nasusundan ang presentasyon sa pagbuo ng isang sangguniang aklat. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| KABUUAN | 4.2 | Mataas na Katanggap-tanggap |

M akikita sa talahanayan na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** na nangangahulugan na ang teskbuk ay nakatulong sa pagtuturo ng mga guro, ang presentasyon ng paksa at atensyon ng mga mag-aaral. Ang presentasyon ng teksbuk ay naging kaakit-akit at nakapukaw ng interes sa pagtuturo sa katunayan ito ay nakakuha ng interpretasyong **Katanggap-**

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

**tanggap.** Sa kabuuan ito ay nakakuha ng karampatang tuos na **4.2** na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.**

Nangangahulugan na ang presentasyon ng teksbuk ay malaki ang naitulong sa pagtuturo ng mga guro at sa pagkatuto ng mga mag-aaral upang malinang ang kanilang kasanayan sa pakikipag-komunikasyon

### 2.4 Organisasyon

**Talahanayan 4.** ***Mean Score*** **ng Balidasyon sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Guro na nagturo ng KOMFIL1 sa Tarlac State University batay sa ORGANISASYON**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Paggamit ng maayos na paraan upang maipakilala ang bawat pagkakasunod-sunod ng bawat aralin. | 4.6 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Lohikal na pagkakaugnay sa isa't isa ng mga aralin. | 4.4 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Malinaw ang pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga aralin batay sa kurikulum. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Akmang paggamit ng mga talasalitaan, pangungusap, at talata na angkop sa pang-unawa at interes ng mga mag-aaral. | 4.4 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Lohikal na pagkakaayos ng daloy ng pananalita. | 4.7 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| **KABUUAN** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |

Batay sa talahanayan makikita sa lahat ng aytem ay may interpretasyong pinakamataas na katanggap-tanggap. Patunay lamang na maayos at lohikal ang daloy ng pananalita ng gumamit ng teksbuk na KOMFIL 1. Samantala nakakuha naman ng interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** sa pagkaka-ugnay ng mga aralin at akma ang mga salitang ginamit na angkop sa pag-unawa at interes ng mga mag-aaral. Sa kabuuan may karampatang tuos na **4.5** na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Nangangahulugan lamang na ang organisasyon ng teksbuk ay malinaw na nailahad ang mga paksang-aralin at mga gawain para sa mga guro at mag-aaral. Na kung saan ay hindi nagkaroon ng kalituhan at naging organisado ang ayos ng mga aralin.

### 2.5 Pagsasanay

**Talahanyan 5.** ***Mean Score*** **ng Balidasyon sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Guro na nagturo ng KOMFIL1 sa Tarlac State University batay saPAGSASANAY**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Kalinawan ng paglalahad ng mga panuto. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Paggamit ng mga pagsasanay sa pagpapalawak ng mga talasalitaan ayon sa mga araling tinalakay. | 4.6 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Pag-angkop ng mga pagsasanay na pasalita at pasulat na tumutugon sa pangangailangan ng kurso. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| Pag-akma ng mga pagsasanay sa kakayahan ng mga mag-aaral. | 4.4 | Mataas na Katanggap-tanggap |
| Lohikal na paglalahad ng mga tanong sa pagsasanay. | 4.5 | Pinakamataas na Katanggap-tanggap |
| **KABUUAN** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |

Makikita sa talahanayan na ibinatay sa mga datos na nakalap ay masasabing may kalinawan ang pagkakalahad ng mga panuto sapagkat ito ay binigyan ng mataas na marka gayon din na nagamit ang mga pagsasanay sa pagpapalawak ng mga

talasalitaan. Ayon sa mga aralin naging angkop ang mga pagsasanay sa pasalita at pasulat na tumutugon sa pangangailangan ng kurso at lohikal na inilahad ang mga tanong sa pagsasanay at akma ang mga pagsasanay sa kakayahan ng mga mag-aaral. Sa kabuuan may karampatang tuos **4.5** na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Sa gayon ay masasabi na naging epektibo ang mga pagsasanay sa mga mag-aaral at nakatulong sa pagtuturo ng mga guro upang malubos ang kanilang pagkatuto. Ang teksbuk ay higit na nakatulong upang maging epektibo sa paglinang ng kakayahan at kasanayan sa pagtuturo ng mga guro sa mga mag-aaral. Sapagkat ang mga pagsasanay ay nakasubok nang husto sa mga kakayahan ng mga mag-aaral dagdag na rito ay nalinang pa ang kanilang malalim na pag-iisip.

Narito ang lagom ng interpretasyon ng pagsusuri sa antas ng pagtanggap ng mga guro hinggil sa nabuong teksbuk bilang kagamitang pampagtuturo't pagkatuto.

**Talahanyan 6. *Mean Score* ng Kabuuang tuos sa antas ng pagtanggap ng mga gurong eksperto sa KOMFIL Teksbuk**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| **Layunin** | **4.6** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Nilalaman** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Presentasyon** | **4.2** | **Mataas na Katanggap-tanggap** |
| **Organisasyon** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Pagsasanay** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **PANGKALAHATANG MEAN** | **4.4** | **Mataas na Katanggap-tanggap** |

Kung susuriin ang kabuuang tuos na 4.4 mean iskor na inilalahad ng talahanayan 6 ay nagpapakita halos ng mataas na katanggap-tanggap na interpretasyong mas mahusay. Ito ay nangangahulugan lamang na angkop ang nilalaman, lalo na ang layunin sa bawat aralin ng teksbuk. Gayundin naman ang presentasyon, organisasyon at pagsasanay. Samaktuwid ito ay mabisang gamitin sa kursong KOM FIL 1 ng General Education Curriculum na naka-angkla sa mga kursong kinukuha ng mga mag-aaral tersyarya.

**3. Matukoy ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong sanayang aklat sa kursong KOMFIL 1. batay sa**
**3.1 LAYUNIN**

**Talahanayan 7. Mean Score ng Antas ng Pagtanggap sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Tarlac State University batay sa LAYUNIN**

| PANUKATAN | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Angkop ang mga layunin sa mga paksang-aralin. | 4.7 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Natatamo ang mga layunin sa sapat na panahon. | 4.4 | Mataas na katanggap-tanggap |
| Nahihikayat ang mga mag-aaral na matutong mag-isa tungo sa ikauunlad pa ng paggamit ng wikang Filipino. | 4.7 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.6** | **Pinakamataas na katanggap-tanggap** |

Makikita sa talahanayan na angkop ang mga layunin sa paksang-aralin kaya nakahihikayat sa mga mag-aaral na matutong mag-isa tungo sa ikauunlad pa ng paggamit ng wikang Flipino. Sa katunayan ito'y may karampatang tuos na 4.7 na may interpretasyon **Pinakamataas na Katanggap-tanggap**. Samantalang **Mataas na katanggap-tanggap** naman ang pagtamo sa layunin ng teksbuk sa sapat na panahon na may karampatang tuos na 4.4. Sa kabuuan, ang layunin ng teksbuk ay may karampatang tuos na 4.6 na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap**. Sumasalamin lamang na ang layunin ng teksbuk ay tanggap, epektibo at nakatutugon sa mga pangangailangan ng mga mag-aaral. Natatamo rin ang mga layunin ng bawat paksa sa sapat na panahon kaya naman naging mabisa ito sa kanilang pagkatuto at sa gayon ay napauunlad ang kanilang pagkamakabayan sa pamamagitan ng paggamit ng wikang Filipino

### 3.2 Nilalaman

**Talahanayan 8. *Mean Score* ng Antas ng Pagtanggap sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Tarlac State University batay sa NILALAMAN**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Naaayon ang paksa sa tiyak na pangangailangan ng mag-aaral. | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Ang paglalahad ng aralin ay batay sa antas ng pag-unawa ng mag-aaral. | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Ang mga nilalaman ay tumutugon sa layunin ng teksbuk. | 4.6 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.6** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |

Sa talahanayan makikita na ang mga nilalaman ay tumutugon sa layunin ng teksbuk at ang mga paksa ay naaayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral, gayundin ang paglalahad ng mga aralin batay sa antas ng kanilang pag-unawa na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Sa kabuuan, ay may karampatang tuos na **4.6** na may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Makikita lamang na ang mga paksa at aralin sa teksbuk na KomFil1 ay nagbibigay ng sapat na kaalaman at impormasyon na madaling maunawaan ng mga mag-aaral at nagagamit nila sa kanilang pang-araw-araw na buhay maging sa kanilang mga pagtuklas ng makabagong kaalaman.

Ang mga paksa sa bawat aralin ay akma sa kakayahan ng mga mag-aaral upang malubos ang kanilang pagkatuto.

### 3.3 Presentasyon

**Talahanayan 9. *Mean Score* ng Antas ng Pagtanggap sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Tarlac State University batay PRESENTASYON**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Maganda at kaakit-akit ang anyo at paraan ng pagkakagawa ng teksbuk. | 4.4 | Mataas na katanggap-tanggap |
| Ang mga larawang ginamit ay kaakit-akit at nakapupukaw sa interes ng mga mag-aaral. | 4.4 | Mataas na katanggap-tanggap |
| Nakakapukaw ng interes ang mga grapikong ginamit sa bawat aralin. | 4.3 | Mataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.3** | **Mataas na katanggap-tanggap** |

Matutunghayan sa talahanayan na maganda at kaakit-akit ang anyo at paraan ng pagkakagawa ng teksbuk gayundin ang mga larawan at grapikong ginamit sa bawat aralin ay kaakit-akit at nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral na sa kabuuan ay may karampatang tuos na 4.3 na may interpretasyong **Mataas na Kataggap-tanggap.** Katunayan lamang na may mga bahagi ng teksbuk na hindi gaanong malinaw ang mga larawan at may iilang mali rin ang pagkakabaybay. Hindi rin gaanong nalubos ang paghikayat sa interes ng mga mag-aaral upang lubos silang masiyahan sa presentasyon ng teksbuk. Bagaman ito parin naman ay nasa mataas na panukatan at katanggap-tanggap parin.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

### 3.4 Organisasyon

**Talahanayan 10. *Mean Score* ng Antas ng Pagtanggap sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Tarlac State University batay sa ORGANISASYON**

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| Mahusay at malinaw ang paraan ng pagkasunod-sunod ng mga kaalaman, impormasyon at ideya. | 4.6 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Maayos ang pagkakahanay ng mga aralin sa teksbuk. | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Malinaw ang pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga aralin batay sa kurikulum. | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.5** | **Pinakamataas na katanggap-tanggap** |

Batay sa talahanayan makikita na mahusay at malinaw ang paraan ng pagkakahanay, pagkakalahad at pagkakasunod-sunod ng mga kaalaman, impormasyonat ideya ng mga aralin sa teksbuk batay sa kurikulum, na sa kabuuan ay may karampatang tuos na 4.5 at may interpretasyong **Pinakamataas na Katanggap-tanggap.** Masasalamin lamang na organisado ang paraan ng pagkaka-ayos ng mga aralin at nakabatay ito sa kurikulum na aprobado ng CHED ang mga impormasyon sa teksbuk. Importante na ang pagkakalahad ng mga paksa ay organisado at di magulo upang ang mga gagamit ng libro ay hindi malito.

### 3.5 Pagsasanay

**Talahanayan 11. Mean Score ng Antas ng Pagtanggap sa Teksbuk ng KOMFIL 1 ng mga Mag-aaral sa Kolehiyo ng Edukasyon ng Tarlac State University batay sa PAGSASANAY**

| PANUKATAN | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Ang mga aytem ay nakalilinang ng aking kakayahan sa mas malalim na pagsusuri (critical analysis). | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Maayos ang mga pagsasanay, panuto, tanong at mga gawaing pagsubok. | 4.6 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| May sapat na aytem sa bawat kasanayang nais sukatin. | 4.5 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.5** | **Pinakamataas na katanggap-tanggap** |

Mula sa ikalabing-isang talahanayan makikitang nakatugon sa mga mag-aaral ang mga pagsasanay ng teksbuk. Marahil ay nakitang may kaaayusan ang pagsasanay, panuto, tanong at mga gawaing pagsubok. Napansin ding ang bawat aytem ng mga pagsasanay ay sapat sa bawat kasanayang nais sukatin at ang mga ito ay nakalilinang sa kakayahan ng mga mag-aaral sa mas malalim na pagsusuri (critical analysis). Sa kabuuan, ay nakakuha ito ng karampatang tuos na **4.5** na may interpretasyong **Mataas na Katanggap-tangap.** Katunayan lamang na ang mga pagsasanay sa teksbuk ay epektibo sa paglinang ng kahusayan at kasanayan ng mga mag-aaral gamit. Hindi lamang ito nakalilinang sa pisikal na kakayahan ng mga mag-aaral kundi maging na rin sa mas malalim na pag-iisip ng mga mag-aaral, sa kanilang pagresulba sa mga suliranin sa araw-araw na karanasan sa pakikipagtalastasan.

Narito ang lagom ng pangkalahatang tuos ng mga mag-aaral sa antas ng pagtanggap nila sa nabuong teksbuk.


ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Talahanyan 12. *Mean Score* ng Kabuuang tuos sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa KOMFIL Teksbuk

| PANUKATAN | MEAN | INTERPRETASYON |
|---|---|---|
| **Layunin** | **4.6** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Nilalaman** | **4.6** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Presentasyon** | **4.3** | **Mataas na Katanggap-tanggap** |
| **Organisasyon** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **Pagsasanay** | **4.5** | **Pinakamataas na Katanggap-tanggap** |
| **PANGKALAHATANG MEAN** | **4.5** | **Mataas na Katanggap-tanggap** |

Kung susuriin ang talahanayan ipinakikita lamang ng pangkalahtang mean iskor na **4.5** na may **pinakamataas na katanggap-tanggap** at may interpretasyong napakahusay, ito ay katunayang naging epektibo ito sa pagtugon sa mga pangangailangang kagamitan sa pagkatuto. Karamihan sa mga nakuhang tala ay may pinakamataas na katanggap-tanggap mula sa layunin, nilalaman, organisasyon at pagsasanay maliban sa presentasyon na may mataas na katanggap-tanggap na interpretasyon. Magkagayon ma'y maituturing pa ring mas mahusay.

4. **Matukoy ang kahalagahan ng sanayang aklat sa pagkatuto ng mga mag-aaral batay sa natamong grado ng mga mag-aaral sa kursong KomFil 1.**




**Figyur 2. Grado ng mga mag-aaral sa paggamit ng sanayang aklat sa kursong KomFil 1.**

Mula sa presentasyon ng *pie graph* sa unang figyur ang mga mag-aaral na kumuha ng kursong KomFil ay halos may gradong nasa braket na 1.75 hanggang 2.25. **Limampu't dalawa (52)** sa kanila ay maibibilang na **napakahusay** sa pagtalakay at pag-aaral ng larang Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino. Gayundin may **tatlumpu't isang (31) pinakamahusay** ang nagkamit ng gradong mula 1.0 hanggang 1.5 ibig sabihin ay halos nasa **sangkapat (¼)** ng kabuuang bilang ng mga kumukuha ng KomFil 1 ang **pinakamahusay**. Bagama't may **labindalawa (12)** sa kanila ang may grado na nasa braket 2.5 hanggang 3.0 ay maituturing pa ring **mahusay**. Subalit mula sa braket na 3.25 hanggang 5.0 ay may **tatlong (3)** kalahok naman na mahina sa kurso. Masasabing hindi pa rin maisasantabi ang kahusayan ng nabuong teksbuk sapagkat ang **mahinang mahina** ay nakapagtala lamang ng **dalawang (2)** kalahok at ayon sa kanila ay madalas silang lumiban sa klase dala na rin ng kalayuan at kawalan ng salaping pantrasportasyon upang makapasok sa kanilang klase. Ito ay pinatotohanan naman ng kanilang guro at mga kaklase.

Sa kabuuan ang kahusayan ng nabuong teksbuk ay nagpapatunay na maari itong magamit bilang instrakyunal na kagamitan sa kalinangan ng kasanayan ng mga mag-aaral sa kolehiyo.

**5. Matukoy ang mga mungkahing hakbang upang mapagtibay at patuloy na magamit ang teksbuk sa Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino bilang kagamitang panturo sa KomFil 1.**

**Talahanayan 13. *Mean Score* ng mga mungkahing hakbang upang mapagtibay at patuloy na magamit ang teksbuk sa Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino bilang kagamitang panturo sa KomFil 1.**

| PANUKATAN | Mean | Interpretasyon |
|---|---|---|
| Pagtibayin ang paggamit ng teksbuk na KOMFIL bilang sanggunian sa pagtuturo ng Filipino sapagkat ito ay nakatutulong sa epektibong pagtuturo at pagkatuto. | 4.8 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Mahikayat ang mga guro ng pamantasan na magamit din ang aklat sa iba pang mga guro't unibersidad na may ganitong kurso | 4.8 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| Pagsasagawa ng mga seminar-workshop hinggil sa pagbuo ng modyul, teksbuk o istratehiyang kagamitan sa Filipino sa pamamagitan ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino ng pamantasan. | 4.7 | Pinakamataas na katanggap-tanggap |
| **Kabuuan** | **4.7** | **Pinakamataas na katanggap-tanggap** |

Makikita sa talahanayan na may karampatang tuos na 4.8 na nangangahulugang **pinakamataas na katanggap-tanggap** ang mga mungkahing hakbang *Pagtibayin ang paggamit ng teksbuk na KOMFIL bilang sanggunian sa pagtuturo ng Filipino* sapagkat ito ay nakatutulong sa epektibong pagtuturo at pagkatuto at *Mahikayat ang mga guro ng pamantasan na magamit din ang aklat sa iba pang mga guro't unibersidad na may ganitong kurso*. Nangangahulugan lamang na ang pagbuo at pagpapabalidasyon ng mga instraksyunal na kagamitan ay mabisang paraan upang makatulong sa paraan ng pagpapalawak ng kaisipan at pagtuturo ng mga guro sa kolehiyo daan upang malunasan ang mga kakulangang kagamitan sa pagtuturo. Samantalang may 4.7 na nangangahulugan ding may **pinakamataas na katanggap-tanggap** ang *Pagsasagawa ng mga seminar-workshop hinggil sa pagbuo ng modyul, teksbuk o istratehiyang kagamitan sa Filipino sa pamamagitan ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino ng pamantasan.* Sa kabuuan ay may karampatang tuos na 4.7 na nangangahulugang **pinakamataas na katanggap-tanggap.** Napatunayan na ang teksbuk na KomFil 1 ay karapat-dapat na gamitin at gawing instrumento sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro.

Samakatuwid, mula sa balidasyon nito sa paraang layunin, nilalaman, presentasyon, organisasyon at pagsasanay ay naging epektibo ang paggamit ng teksbuk na KomFil1 sapagkat ito ay nakatulong sa mga guro at mag-aaral sa iba't ibang aspeto kung kaya't ang mga mungkahing hakbang ay halos nakapagtala ng may pinakamataas na katanggap – tanggap.

**6. Matukoy ang implikasyon ng sanayang aklat sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro sa Filipino.**

Ang teksbuk, sanayang aklat o modyul ay magkakatulad na gampanin sa pagtuturo't pagkatuto. Taglay nito ang isang mabisang kagamitan na kaagapay ng mga guro sa pagtuturo at sa pagkatuto ng mga mag-aaral. Ang nilalaman ng bawat teksbuk ay isa sa kayamanang maipupunla ng bawat guro sa kanilang mga mag-aaral na siya ring magiging gabay at sandata ng mga mag-aaral sa kanilang buhay sa kasalukuyan at sa panghinaharap. Kung gayo'y marapat lamang na mabisa at may sapat na kaalaman at impormasyon ang nilalaman nito, gayon din ang mga layunin ay dapat na nakatuon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, matatamo ito kung organisado at nakahihiyat sa interes ng mga mag-aaral ang bawat halimbawa, paksa at maging ang pagsasanay, dahil malaking tulong ang kawastuhan at kaangkupan ng pagsasanay sa pagkatuto at sa mas malalim na pag-unawa ng mga mag-aaral.

Ang asignaturang KomFil1 ay bago lamang sa kurikulum ng kolehiyo, kaya naman ang pagkakaroon ng teksbuk na KomFil ay isang katuparan o hakbang sa pagtuturo ng asignatura bilang isang mabisang sanggunian. Kaya naman malaki ang naiambag ng pag-aaral na ito mula sa pagbuo, pagpapabalido maging sa pagtukoy ng antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral at ang grading tinamo ng mga ito sa isang semstre gamit ang nabuong teksbuk na KomFil, sapagkat dito maaaring matukoy ang kahinaan at kalakasan ng teksbuk na siyang maaaring batayan sa rebisyon o pagpapanatili sa paggamit ng teksbuk.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral ay makakatulong sa pagkakaroon ng matagumpay at epektibong pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa larangan ng wika at komunikasyon.

## KONKLUSION AT REKOMENDASYON

### Resulta at Lagom

Ang lagom ng pag-aaral na isinagawa ay nakapagbigay ng malaking ambag sa kakulangan ng mga kagamitang panturo sa kolehiyo lalo sa kursong KomFil 1 kaya't nabigyan ng titulo ang tekbuk na Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 9| Issue: 2| February 2023|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2023: 8.224 || ISI Value: 1.188

Mula sa nakalap na datos sa mga guro na nagbalido tinamo nito ang *"pinakamatas na katanggap –tanggap*" na interpretasyong berbal mula sa layunin, nilalaman, organisasyon at pagsasanay. Sa kabilang banda naman nagtamo ng mataas na katanggap-tanggap naman sa presentasyon, maitututring pa ring balido at nararapat na magamit ang nabuong teksbuk.

Mula naman sa antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral, *"pinakamataas na katanggap-tanggap"* ang naitala. Dahil ang teksbuk ay nakitaan ng sapat na impormasyon, layuning natatamo sa sapat na panahon, kaayusan ng pagkakalahad ng mga aralin at ang mga pagsasanay ay nakatutulong na malinang ang angking kakayahan at kasanayan ng mga mag-aaral.

Bagamat sa presentasyon ng teksbuk ay nakitaan ng ilang kahinaan katulad ng hindi gaanong malinaw ang larawan at may iilan ring mali ang pagkakabaybay. Gayon pa man, sa kabuuan ay naging epektibo pa rin ito sa pagkatuto ng mga mag-aaral.

Gayun pa man hindi naman ito nakakaapekto sa proseso ng pagkatuto ng mga mag-aaral at nagsilbi pa rin itong mahusay na gabay bilang sanggunian ng kanilang pag-aaral. Sa katunayan silang lahat ay pawang nagtagumpay sa pagpasa ng kurso at nakakuha ng mataas na grado maliban sa mga naitalang mahinang-mahina at *incomplete* na hindi nakatapos dahilan na rin ng mga personal na suliranin. Tumutugon lamang na ang teksbuk na KOMFIL1 ay naging epektibo sa pagkatuto ng mga mag-aaral at gayon din sa pagtuturo ng mga guro. Kaya naman sa tulong ng mga nakalap na datos mula sa mga guro nais nilang pagtibayin pa ang paggamit ng mga teksbuk bilang sanggunin sa kanilang pagtuturo at mahikayat ang mga guro na makilahok sa mga seminar na makatutulong na mapaunlad ang kanilang kaalaman sa Wikang Filipino. Sa katunayan makikita sa resulta ng kanilang mga talatanungan ang interpretasyong *"Pinakamataas na Katanggap-tanggap"*

Natuklasan naman ng mananaliksik na ang teksbuk ay maituturing na isang mabisang kagamitan na kaagapay ng mga guro sa pagtuturo at pagkatuto ng mga mag-aaral. Gayundin nalaman ang kahinaan at kalakasan ng teksbuk na magiging batayan sa rebisyon sa iilang larawan na hindi malinaw at hindi maintindihan at gayundin ang iilang mga maling baybay at sa pagpapanatili sa paggamit nito bilang batayan sa pagtuturo at paglinang sa kakayahang pakikipagkomunikasyon gamit ang wikang Fipilino.

**Konklusyon**

1. Nakabuo ng isang epektibong teksbuk bilang instraksyunal na kagamitan sa pagtuturo sa kolehiyo na may pamagat na Kontekstwalisadong Komunikasyon Sa Filipino sa pagtuturo ng kursong Kom Fil 1 sa kolehiyo bialng tugon sa mga kakulangang kagamitan sa kolehiyo.
2. Batay sa balidasyon, ang layunin ng teksbuk ayon sa mga kalahok na guro ay angkop at nakahihikayat sa pagkatuto ng mga mag-aaral at sa pagtuturo ng mga guro. Walang nakitang problema sa antas ng pagtanggap sa nilalaman gayundin sa organisasyon ng mga paksang-aralin ng teksbuk at ang mga pagsasanay na nakapaloob dito sapagkat ito ay lubusang nakamit ng mga guro at mag-aaral pagkatapos ng semester. Makikita ang kahinaan ng antas ng pagtanggap ng teksbuk ay nasa presentasyon nito na ayon sa mga guro, ang mga larawang ginamit ay hindi gaanong naging kaakit-akit at di-gaanong nakapupukaw ng interes ng mga mag-aaral.
3. Ang antas ng pagtanggap ng mga mag-aaral sa nabuong teksbul ay nakapagtala ng pinakamatas na katanggap-tanggap.
4. Ang paggamit ng teksbuk na KomFil bilang batayan at sanggunian sa paglahad ng impormasyon ng mga mag-aaral ay masasabing may magandang naibunga sa pagkatuto ng mag-aaral na makikita rin sa bilang ng mga mag-aaral na nakakuha ng mataas na grado kung ikukumpara sa nakakuha ng mababang grado at pawang lahat sila ay nakapasa sa asignaturang KomFil1.
5. Sa kabuuan nakita ng mananaliksik ang kagustuhan ng mga guro na mapagtibay ang paggamit ng teskbuk bilang sanggunian sa pagtuturo ng Wikang Filipino. Kaya naman ang pakikilahok sa seminar ay malaking tulong upang mapaunlad ang kanilang kaalaman.

**Rekomendasyon**

1. Hikayatin ang kapwa guro na gamitin ang teksbuk na Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino sa pagtuturo ng KomFil 1 bilang sanggunian sa pagtuturo ng asignatura.
2. Bigyang insentibo o pagkilala ang mga nakabubuo at nakapagpapatala ng karapatang- ari sa mga nailalathalang teskbuk na makakatulong sa pagtuturo ng mga guro na siyang lalong higit na mahirap solusyunan kung kagamitan ang pag-uusapan.
3. Magsagawa ng mga seminar-workshop hinggil sa pagbuo ng modyul, teksbuk o istratehiyang kagamitan sa Filipino sa pamamagitan ng Pamantasang Sentro ng Wikang Filipino ng pamantasan.
4. Pagtibayin ang paggamit ng teksbuk na Kontekstwalisadong Komunikasyon sa Filipino bilang sanggunian sa pagtuturo ng Filipino sapagkat ito ay nakatutulong sa epektibong pagtuturo at pagkatuto.
5. Hikayatin ang mga susunod pa na mga mananaliksik upang gumawa ng pag-aaral ukol sa teksbuk.

**TALASANGGUNIAN**

1. *Castillo, Capuno, Mercy M. Pagbuo at Balidasyon ng Estratehiyang Interbensyong Kagamitang Pampagtuturo sa Gramatikang Filipino. Bacolod City, Philippines: St. La Salle University. 2018.*
2. *CHED Memorandum 7722 "Higher Education Act of 1994".*
3. *David, Micahel San Juan. Mga Bagong Silabus sa Filipino sa Kolehiyo. 2017. Henderson, Mark I. Importance of Oral Communication Skills. YM Publishing House. 2015.*
4. *Inalvez, , Arceo, Dela Pena, Jessica Marie. Pagbasa at Pagsulat Tungo sa Pananaliksik. Culianan, Plaridel Bulacan: St. Andrew Publishing House. 2012.*

5. *Lenon, Dexter M., Nadu, Tamil B. "The Telegraph": Rising Awareness of the Importance of Reading. 1ST edition The Hindu Madurai City. 2015.*
6. *Pearson, David A. Books as History: The importance of Books Beyond Their Text. Hong Kong: Great Wall Printing Co. Ltd. 2008*
7. *Rawat, Khalid J. Language And Truth: A Study Of Nietzsche's Theory Of Language. Pakistan: Iqra University. 2013.*
8. *Tran, Ly T. Students' Intercultural Development Through Language Learning in Vietnamese Tertiary Education: A Case Study on the use of film as an Innovative Approach. Vietnam: Hue University. 2014.*